



*Sistema ng proteksyon at pagtataguyod ng California*

# Pampublikong Benepisyo para sa mga Taong May Kapansanan

---

*Agosto 2016, Pub. #5014.08*

## Talaan ng Nilalaman

A. Mga Benepisyo ng Social Security/Mga Benepisyo ng SSI para sa mga Taong May Kapansanan: .....	3
1. Dalawang Uri ng mga Benepisyo mula sa Administrasyon ng Social Security .....	3
a. Mga Benepisyo ng SSI .....	3
b. Mga Benepisyo ng SSDI/Titulo II .....	3
2. Ang Proseso ng Pag-apply .....	4
3. Pagtugon sa Pamantayan ng Kapansanan .....	5
4. Pagtugon sa mga Pinansyal na Kinakailangan sa pagiging Karapat-dapat .....	7
5. Pamumuhay ng may Kasama at “In-Kind” na kita .....	8
6. Epekto ng Estado ng Pandarayuhan .....	9
7. Mga Kabayaranang Retroaktibo .....	10
8. Patuloy na Pagsusuri, Pagwawakas at Paghihinto .....	10
9. Mga Kinatawang Babayaran .....	11
10. Mga Benepisyong Pang-kapansanan at Trabaho .....	12
a. Mga Gastos sa SSI at Trabaho Kaugnay ng Kahinaan .....	12
b. Mga Plano ng SSI at PASS .....	14
c. SSDI/Titulo II, Panahon ng Pagsubok sa Trabaho, Pinahabang Panahon ng Pagiging karapat-dapat at SGA .....	14

11.	Mga Sobrang kabayaran.....	15
a.	Pag-apela kung mayroong sobrang kabayaran.....	15
b.	Pagpapaubaya sa Sobrang kabayaran .....	16
c.	Pamantayan ng Pagpapaubaya .....	16
d.	Mga Kinatawang Babayaran at Sobrang Kabayaran.....	18
12.	Mga Nawalang Tseke, Pamamaraan sa Madaliang Kabayaran at mga Paunang Kabayaran sa Kagipitan .....	18
13.	Mga Pag-aapela.....	19
a.	Mga Hakbang sa Proseso ng Pag-aapela.....	19
b.	Pagpapatuloy ng mga Benepisyo sa panahon ng isang Apela....	20
14.	Mga Reklamo tungkol sa mga Problemanag Administratibo sa mga Opisina ng Social Security .....	21
B.	Medi-Cal.....	22
C.	Medi-Cal para sa mga Bata at ang Programang EPSDT .....	25
D.	In-Home Supportive Services/Mga Personal na Serbisyo ng Pag-aalaga.....	30
E.	Pangkalahatang Pag-alalay at mga Selyang Pampagkain.....	33
F.	CalWORKs.....	33

## **A. Mga Benepisyo ng Social Security/Mga Benepisyo ng SSI para sa mga Taong May Kapansanan:**

### **1. Dalawang Uri ng mga Benepisyo mula sa Administrasyon ng Social Security**

Ang bahaging ito ay sumasaklaw sa dalawang programa. Kapwa ang mga ito ay gumagamit ng parehong kahulugan ng kapansanan (maliban sa mayroong isang espesyal na kahulugan para sa mga bata sa SSI):

#### **a. Mga Benepisyo ng SSI**

Supplemental Security Income (SSI): Ang mga benepisyong ito ay para sa mga bata at mga may sapat na gulang na may limitadong kita at pagkukunan. Mga taong may edad 65 o matanda pa ay karapat-dapat din (may mga tiyak na limitasyon para sa mga hindi mamamayan). Ang antas ng benepisyo sa 2016 sa California ay \$889.40 para sa isang matanda o taong may kapansanan at \$1,496.20 para sa mag-asawa. Kung natanggap mo ang iyong kita (gaya ng SSDI/mga benepisyo ng Titulo II) na mas mababa kaysa sa pamantayan ng SSI, pwede kang kumuha ng tseke ng SSI upang madagdagan ang iyong ibang kita. Kung ikaw ay makatanggap ng kahit isang dolyar ng SSI, ikaw ay awtomatikong may karapatan sa Medi-Cal nang walang gastos.

#### **b. Mga Benepisyo ng SSDI/Titulo II**

Mayroong dalawang uri ng mga Benepisyo ng Social Security Disability Insurance (SSDI). Ang una ay para sa mga may kapansanang manggagawa na naka-insure sa ilalim ng Social Security. Ang pangalawa ay para sa mga anak ng mga manggagawang may kapansanan na naka-insure sa ilalim ng Social Security at maaaring retirado, may kapansanan o pumanaw na. Ang mga benepisyong ito ay minsang tinatawag na mga benepisyo ng Titulo II. Ang Titulo II ay ang bahaging sumasaklaw sa mga kapansanan, pagreretiro at mga benepisyo ng mga umaasa sa Batas ng Social Security.

##### **1) Para sa mga manggagawang may kapansanan**

Social Security Disability Insurance (SSDI): Ito ang mga benepisyong para sa mga taong nagtrabaho at binayaran sa Social Security ng may sapat na katagalan upang maging kwalipikado para sa mga benepisyo kapag sila ay

magkaroon ng kapansanan. Ang kabiyak at mga anak ng manggagawang may kapansanan ay maaaring maging karapat-dapat sa mga benepisyo karagdagan sa mga benepisyo ng manggagawa. Pagkatapos ng 24 buwan ng mga benepisyo ng SSDI, ang tatanggap ay magsisimulang makakuha ng Medicare

- 2) Para sa mga anak na may kapansanan na may sapat na gulang ng mga manggagawa

Social Security Disabled Adult Child Benefits (DAC o CDB): Ito ay isang espesyal na programang pang-Titulo II para sa mga taong may edad na hindi bababa sa 18 gulang, na nagkaroon ng matinding kapansanan bago sumapit ng edad 22 at mga hindi pa ikinakasal kapag sila ay nag-apply. Ang mga espesyal na benepisyo ng mga umaasa ay ibibigay batay sa talaan ng mga kinita ng isang retirado, may kapansanan o namayapang magulang (o iba pang tagapag-alaga) na ibinayad sa Social Security. Ang Disabled Adult Child (Anak na May kapansanang may sapat na gulang) ay hindi karapat-dapat para sa mga benepisyong ito hanggang ang magulang ay magsimulang makatanggap ng mga benepisyong Titulo II kapag nagretiro o nagkaroon ng kapansanan o kapag ang magulang ay mamatay. Pagkatapos ng 24 buwan ng benepisyo, ang tumatanggap ng DAC/CDB ay karapat-dapat para sa Medicare.

## **2. Ang Proseso ng Pag-apply**

Simulan ang proseso ng pag-aapply sa pamamagitan ng pagtawag sa 800-772-1213. Isulat ang pangalan ng taong nakausap mo at ang petsa. Ikaw ay padadalhan ng isang pakete ng aplikasyon na pupunuin at ibabalik. Kung ang pakete ay ibinalik sa loob ng 60 araw ng unang pagtawag, ang pagtawag na iyon ay itatrato bilang petsa na ginawa ang pag-aapply. Kung kailangan mo ng tulong sa pag-intindi o pagpupuno ng mga form at hindi ka makahanap ng taong tutulong sa iyo, humingi ng tulong mula sa mismong Social Security. Sa ilalim ng Seksyon 504 ng Rehabilitation Act, ang Social Security ay kailangang tumulong kapag ikaw ay mangailangan ng tulong dahil sa kapansanan.

Mayroong mga lokal na ahensya na makakatulong sa unang pag-aapply ng Social Security, tulad ng Independent Living Centers. Kung ikaw ay makatanggap ng Pangkalahatang Tulong, ang probinsya ay maaari ka ring tulungan sa pag-aapply ng SSI.

Kung ang iyong unang pag-aapply ay tinanggihan, napakahalagang mag-apela. (Tingnan mamaya ang seksyon sa apela.) Ikaw ay malamang na manalo kung makakakuha ka ng isang abogado upang humawak ng iyong apela. Ang mga pribadong abogado ay kakatawan sa mga unang aplikante sa yugto ng pagdinig ng hukom ng administratibong batas na walang paunang kabayaran. Kung ikaw ay manalo, ang karaniwang bayad sa abogado ay 25% ng gantimpala ng mga benepisyong retroaktibo mula sa petsa ng iyong unang pag-aapply. Kung ikaw ay matalo, walang singil. Upang makahanap ng isang lokal na abogado na tutulong, makipag-ugnayan sa county bar association o sa National Organization of Social Security Claimants' Representatives (NOSSCR) sa 1-800-431-2804.

### **3. Pagtugon sa Pamantayan ng Kapansanan**

Ang lokal na Opisina ng Social Security ay ipadadala ang mga form na nakumpleto ng aplikante, kasama ang mga medikal na lathala at impormasyon tungkol sa mga problemang pang may kapansanan, sa Departamento ng Social Services ng California, Disability Determination Services (DDS). Ang DDS ay responsible para sa pangongolekta ng medikal na ebidensya bago gumawa ng isang desisyon. Ang bawat aplikante ay tatalagahan ng analyst upang paunlarin ang kaso. Karaniwan ang analyst ay magpapadala ng mga Palatanungan ng Pang-araw-araw na mga Gawain sa aplikante at sa taong nakakakilala sa aplikante.

#### **a. Paano Makakatulong ang isang Tagapagtaguyod**

Tulong mula sa isang tagapagtaguyod sa proseso ng pagsusuri sa kapansanan ay makagagawa ng isang tunay na pagkakaiba. Ang tagapagtaguyod ay maaaring umalalay o kumuha ng isang aalalay sa aplikante sa pagkumpleto ng palatanungan upang ang mga sagot ay tumpak na mailarawan ang epekto ng problemang pang-kapansanan sa pang-araw-araw na buhay. Ang tagapagtaguyod ay maaaring makipag-ugnayan sa DDS analyst at tumulong sa pagkuha ng nawawalang ebidensyang medikal. Sa halos lahat ng kaso ang maling pagtanggap ay dahil ang DDS ay hindi nagkaroon ng lahat ng ebidensyang medikal na kinailangan. Kung tingin ng tagapagtaguyod ay maaaring mayroong natural na elementong pinagbabatayan sa kapansanan – gaya ng maaaring maging ang kaso sa ibang tao na may kasaysayan ng paggamit ng ipinagbabawal na gamot o alkohol – ang tagapagtaguyod ay maaaring magmungkahi ng pagsangguni para sa espesyal na neuropsychological na pagsusuri. Minsan, ang analyst ay ipadadala ang aplikante para sa isang

pakonsultang eksaminasyong saykayatriko, ngunit ang mga eksamen na iniayos ng DDS ay kadalasang mababaw at bigo sa pagtukoy sa mga problemang pang-kapansanan ng aplikante. Ang tagapagtaguyo ay maaring alalayan ang aplikante sa pamamagitan ng pag-aayos para sa isang eksaminasyon sa pamamagitan ng mga tagapagtustos ng probinsya.

### **b. Kahulugan ng Kapansanan para sa mga May sapat na gulang**

Ang isang nasa hustong-gulang ay may kapansanan kung hindi kayang lumahok sa (tunay na kapaki-pakinabang na gawain) substantial gainful activity (SGA) dahil sa isang kahinaang pisikal o mental na matutukoy ng medisina na siyang inaasahang magtatagal ng 12 buwan o higit pa o hahantong sa kamatayan. Karagdagan pa, ang indibidwal ay dapat na walang kakayahang gawin ang kanilang dating trabaho, kung mayroon man, o anu pa mang trabaho sa makabuluhang dami ang mayroon sa lugar kung saan nakatira ang indibidwal. Ang pagsubok ay hindi sa kung ang aplikante ay matatanggap o hindi para sa isang trabahong pang-baguhan, ngunit kung, kapag natanggap, ang aplikante ay makakayanang manatili sa trabaho. Tukuyin ang mga problemang kapansanan na makahahadlang sa abilidad ng isang aplikante upang manatili sa trabaho gaya ng isang parking attendant, bilang isang tagahugas ng plato sa isang kainan, bilang isang kahera sa isang fastfood na kainan, bilang isang tagatipon.

Ang kahulugan ng kapansanan ay hindi isinasama ang mga taong nagkaroon ng kapansanan bilang resulta ng kasalukuyang paggamit ng alkohol o iba pang pag-abuso sa sangkap. Gayunman, ang mga taong ito ay maaaring masaklaw kung matugunan nila ang mga pamantayan ng kapansanan dahil sa iba pang kahinaan kahit na ang mga kahinaang iyon ay resulta ng nakaraang pag-abuso sa sangkap.

Ang DDS ay unang titingnan kung ang kahinaan ng aplikante o kombinasyon ng mga kahinaang ito ay tumutugon o tumutumbas sa unang criteria ng indibidwal na mga Listahan ng Medikal na mga Kahinaan, o hindi. Ang mga ito ay makikita sa mga alituntunin ng Social Security (20 CFR Part 400) sa likod ng 20 CFR Section 404.1599. Para sa mga taong may kapansanan sa pag-iisip o may kapansanan sa paglaki, magsimula sa Listahan sa 12.00, Mental Disorders. Kahit na ang isang tao ay hindi tapat na tinutugunan ang ga criteria as isa sa mga listahan, ang tao ay maaring maging marapat kung siya ay mapag-alamang mayroong kapansanan na maaaring ikumparang kalubhaan sa isag nakalistang kahinaan. Ito ay

maaaring dahil, sa isang pagkakataon, ang tao ay mayroong maraming kapansanan at iba sa mga criteria at natugunan sa dalawa o higit pang listahan. O ang kapansanan ng tao ay maaaring may gumaganang epekto ng isang nakalistang kahinaan. Tumingin sa ABD criteria sa ilalim ng Listahan ng Sakit sa Utak.

Kung ang aplikante ay hindi natutugunan o natumbasan ang isang listahan, saka titingnan ng DDS kung ang aplikante ay maaring bumalik sa mga nakaraang uri ng trabaho, o hindi. Kung ikaw ay hindi na makagagawa ng nakaraang trabaho, saka titingnan ng DDS kung meron o walang iba pang trabahong makatwiran na siyang maaari mong gawin alang-alang sa iyong edad, edukasyon, karanasan sa trabaho, at mga limitasyong pang-kapansanan. Para sa mga taong may kapansanan sa pag-iisip at iba pang kahinaang mental o neurolohikal, mayroong karaniwang "non-exertional limitations" na itinuturing. Tinatalakay ng Social Security Rulings 85-15 and 85-16 kung paano tumitingin ang Social Security sa mga limitasyon ng kapansanan kaugnay sa mga kahinaang mental o neurolohikal.

### **c. Kahulugan ng Kapansanan sa mga Bata**

Noong 1996 pinakitid ng Kongreso ang kahulugan ng kapansanan para sa mga bata. Ang pangunahing epekto ng pinakitid na kahulugan ay sa mga batang may kahinaan sa utak. Ang mga batang kulang pa sa 18 taon ay may kapansanan kung mayroon silang "isang kahinaang pisikal o mental na matutukoy ng medisina na siyang inaasahang magtatagal ng 12 buwan o higit pa o hahantong sa kamatayan o iyong nagtagal o inaasahang tatagal ng tuluy-tuloy na panahong hindi bababa sa 12 buwan." Sa pagdodoktor, ito ay nangangahulugang ang mga bata ay dapat na magpakita na kanilang natugunan ang mga listahan o sa medikal o nagagawang tumbasan ang mga listahan.

### **4. Pagtugon sa mga Pinansyal na Kinakailangan sa pagiging Karapat-dapat**

Ang halaga ng mga pagkukunan at kita na bukod pa sa trabaho ay hindi mahalaga para sa mga layunin ng mga programang SSDI at DAC (Titulo II). Gayunman, ang SSI ay isang programang nakabatay sa pangangailangan at ang halaga ng mga pagkukunan at kita ay mahalaga.

Para sa SSI, ang isang indibidwal ay maaring magkaroon ng hanggang sa \$2,000 sa mabibilang na pagkukunan. Ang mag-asawa ay maaring

magkaroon ng hanggang sa \$3,000 sa mabibilang na pagkukunan. Gayunman, ang tiyak na mga pagkukunan ay hindi saklaw: tahanan, mga kagamitan sa bahay, singsing ng kasal at pangako, kotseng gamit para sa paglakbay, isang burial trust o account, mga pagkukunang ginamit para masuportahan ang sarili. Hindi rin binibilang ng Social Security ang mga account sa pagreretiro na pag-aari ng asawa ng isang tao na may kapansanan o magulang ng isang anak na may kapansanan.

Ang kita ay pera o bagay na maari mong ipalit sa pera na iyong natatanggap sa isang buwan. Ang naiiwan sa simula ng susunod na buwan ay mabibilang na isang pagkukunan. Ang kitang natanggap bawas ang mga pinahihintulatang kabawasan ay pwedeng makaapekto sa halaga ng mga benepisyong SSI na natanggap:

*Halimbawa:* Si Dora ay nakatanggap ng \$460 kada buwan sa mga benepisyong SSDI/Titulo II. Iyon ay itinuturing na isang hindi pinaghirapang kita at pinababa ng pagbawas ng \$20 ng Social Security na nalalapat sa anumang kita upang ang nabibilang na kita para sa mga layunin ng SSI ay \$440. Ang kabayaran ni Dora sa SSI ay magiging ang pagkakaiba sa pagitan ng halaga ng SSI na kanyang matatanggap kung siya ay walang kita (\$889.40 sa 2016 para sa isang taong walang asawa) at \$440, para sa isang kaloob ng SSI na \$449.40.

Para sa SSI, tinatanggap ng Social Security bilang pagsasaalang-alang o “ipinagpapalagay” ang kita at mga pagkukunan ng ibang tao sa tiyak na mga kaso: Ang kita at mga pagkukunan ng isang magulang o stepparent na nabubuhay kasama ang isang bata na may kapansanan ay isinasaalang-alang; ang kita ng isang asawa sa parehong pamamahay ay isinasaalang-alang; ang kita ng sponsor ng isang imigrante ay isinasaalang-alang sa tiyak na mga kalagayan.

## **5. Pamumuhay ng may Kasama at “In-Kind” na kita**

Mayroong mga espesyal na mga patakaran kapag nakatanggap ka ng in-kind na kita. Ang in-kind na kita ay nabibilang lamang kung ito ay para sa pagkain o tirahan. Kung may magbigay sa benepisyaryo ng SSI ng isang bus pass o pagkain ng pusa o magbayad sa iba nang direkta para sa pagpapagamot o iba pang mga serbisyo na hindi kita na mabibilang. Gayunman kung ang benepisyaryo ay naninirahan kasama ang ibang mga tao at hindi nagbabayad ng kanyang makatarungang bahagi sa pagkain



at/o mga gastos sa bahay, ang kabayaran ng SSI ay babawasan sa ilalim ng patakarang “nakatira-sa-pamamahay-ng-iba” ng isang-katlo ng pederal na bahagi ng kaloob ng SSI (sa 2016, halos \$244.33) kahit na iyon ay higit sa kaibhan sa pagitan ng kung ano ang naiambag at ang “makatarungang bahagi” ng benepisyaryo ng SSI.

Ang patakarang ito ay nalalapat lamang kapag ang mga tatanggap ng SSI ay tumatanggap lahat ng kanilang pagkain at tirahan sa sinasabing pamamahay. Kung ang patakaran ay hindi nalalapat (kapag tumatanggap ng pagkain o tirahan), saka ilalapat ng Social Security ang patakarang “inakalang halaga” na tinatrato bilang mabibilang na kita na mababa sa (1) pagkakaiba sa pagitan ng halaga ng kung ano ang natatanggap at ano ang ibinabayad mo para dito, at (2) ang “inakalang halaga” na siyang isang-katlo ng pederal na bahagi ng kaloob ng SSI at \$20:

*Halimbawa:* Halimbawa: Si Eduardo ay nakatira nang walang upa sa isang partment sa taas ng garahe sa likod ng bahay ng kanyang kapatid na babae. Si Eduardo ay sang-ayon na ang halaga ng renta ay \$300 kada buwan. Ang buwanang kabayaran sa SSI ni Eduardo taong 2016 ay bawas ng \$244.33 at \$20 para ang kanyang binawasang SSI ay \$645.07.

## **6. Epekto ng Estado ng Pandarayuhan**

Para sa mga layunin ng pagtanggap ng mga benepisyo ng Titulo II Social Security Disability at DAC, kailangan lamang ng tatanggap na maging kasalukuyang nasa Estados Unidos nang naaayon sa batas. Kabilang dito ang mga taong nasa ilalim ng isang bisa o para kung kanino naroon ang isang pananatili ng deportasyon.

Para sa mga layunin ng SSI, ang daigdig ay nahahati sa pagitan ng mga hindi-mamamayan na tumatanggap ng mga benepisyo ng SSI bago ang Agosto 22, 1996 (ang petsa ng Welfare Reform Legislation ay naisabatas) o naninirahan nang naaayon sa batas sa Estados Unidos sa [etsang iyon at iyong mga hindi-mamamayan na nagsimulang manirahang nang naaayon sa batas sa Estados Unidos mismo o bago ang petsang iyon. Para sa mga taon dito o tumatanggap ng SSI bago ang Agosto 22, 1996, ang mga patakaran ng SSI ay hindi nababago maliban sa ang mga hindi-mamamayan na hindi nakatatanggap ng SSI bago ang Agosto 22, 1996, ay hindi magiging karapat-dapat na maging kwalipikado para sa SSI sa

basehan ng edad kapag sila ay umabot sa edad 65. Ang matatanda ay maaaring mapatunayan ang pagiging karapat-dapat batay sa kapansanan.

Ang mga patakaran ay komplikado para sa mga taong kinilala pagkatapos ng Agosto 21, 1996, at ang kanilang pagiging karapat-dapat ay nararapat na suriin ng isang maalam tungkol sa mga karapatan ng imigrante.

## **7. Mga Kabayaranang Retroaktibo**

Dahil ang mga pinagkukunan at mga kitang hindi galing sa trabaho ay hindi itinuturing para sa mga layunin ng mga programa ng Titulo II (mga benepisyong ng SSDI at DAC), ang pagtanggap ng mga kabayaranang retroaktibo ay hindi nakaaapekto sa mga benepisyong.

Sa ilalim ng SSI, ang isang may sapat na gulang ay mayroong siyam na buwan upang gugulin ang isang tseke na sumasaklaw ang mga nakaraang benepisyong (kapwa SSDI/DAC at SSI) bago ang perang iyon ay mabilang bilang isang pinagkukunan. Itago ang mga resibo upang ipakita sa Social Security kung paano mo ibinaba ang mga pagkukunan sa ipinahihintulot na \$2000 para sa isang inidibidwal o \$3000 para sa mag-asawa.

## **8. Patuloy na Pagsusuri, Pagwawakas at Paghihinto**

Sa ilalim ng programa ng SSI ang tatanggap ay susuriin isang beses sa isang taon upang makita kung sila ay nakatutugon pa sa mga kinakailangang kita at pagkukunan ng programang SSI.

Sa ilalim ng mga benepisyong ng SSI, SSDI at DAC, ang kasalukuyang mga tatanggap ay susuriin upang makita kung sila ay patuloy na may kapansanan. Binigyan ng Kongreso ang Social Security ng mas maraming pera upang ang mga tao ay masusuri tuwing tatlong taon. Ang mga taong sinusuri ay hindi tatrating mga bagong aplikante. Ang pagsusuri ay ipinapalagay na tumingin sa kung mayroong naging pagbuti na siyang magresulta sa kakayahan sa trabaho. Ang unang hakbang ng pagsusuri ay ang isang tipanan sa lokal na opisina. Iyon ay upang kumuha ng impormasyon tungkol sa pagpapagamot at mga serbisyong pangsuporta at upang kumuha ng mga pahayag para ang mga tagapagtustos ng alagang pang-kalusugan ay maaaring matawagan. Ang impormasyong iyon ay ipapadala sa DDS, ang ahensya ng estado na siya ring gumagawa ng mga pagpupunyagi para sa mga aplikante.

Ang tungkulin ng mga tagapagtaguyod ay mahalaga sa prosesong ito. Minsan ang mga tao ay nagiging matatakutin at hindi tumutugon sa mga appointment ng Social Security o mga tawag mula sa DDS. Sa mga kasong iyon ang kasalukuyang tatanggap ay iwawakas mula sa mga benepisyon hindi dahil siya ay hindi na isang may kapansanan ngunit dahil sa isang “pagkabigo sa pakikipagtulungan”. Ang tagapagtaguyod ay maaring magbigay ng mahalagang pag-alalay sa pamamagitan ng pagkilala sa isa na umalalay sa tatanggap sa pamamagitan ng proseso at sa pamamagitan ng pag-abiso sa DDS ng pangangailangan upang gumawa ng makatwirang pakikibagay sa mga limitasyon ng kapansanan ng tao.

Ang tagapagtaguyod ay maaring magbigay ng tulong sa pagsiguro na ang DDS ay nakakakuha ng medikal na ebidensya mula sa pinanggagalingan ng paggamot upang ang mga tatanggap ay hindi ipadadala sa isa sa mga pangkonsultang tagasuri ng Social Security. Kung ang tagatanggap ay tinitingnan ng isang klinika, aming inirerekomenda na ang taga-klinika na siyang pinaka-pamilyar sa tao ay magbanghay sa isang report kasama ang isang pagkukumpara sa pagitan ng dating katayuan at ngayon na pipirmahan ng koponan ng paggamot. Ang Social Security ay kinikilala lamang ang mga report na pinirmahan ng isang manggagamot o isang sikologo ng klinika.

Kung ang kliyente ay tumatanggap ng isang abiso na ang mga benepisyo ng Social Security ay magwawakas, kaagad na mag-apela. Sa maraming mga kaso, ang mga benepisyo ay magpapatuloy kung ang apela ay hiniling sa loob ng 10 araw ng abiso. Tingnan ang “Mga Pag-apela” mamaya sa bahaging ito.

## **9. Mga Kinatawang Babayaran**

Kung matukoy ng Social Security na ang tatanggap ay nangangailangan ng tulong sa paghawak ng kanyang pera, ang Social Security ay maaaring magtalaga ng isang kaanak, ahensiya, o kaibigan upang maging kinatawang babayaran. Ang mga tao na ang kapansanan ay kasama ang mga problema sa droga o alcohol ay kinakailangang mayroong isang babayaran. Sa bihira lamang na mga okasyon na papayagan ng Social Security ang isang lupon at tagapag-alaga bilang kinatawang babayaran. Habang ang mga kabayaran ay direktang ginagawa sa kinatawang babayaran, ang pera ay pag-aari ng tatanggap. Sa ilalim ng ilang mga kalagayan, pinahihintulutan ng Social Security ang kinatawang babayaran na ibawas ang \$35 kada buwan (\$68 kada buwan para sa mga taong

kinakailangan na ang kanilang kinatawang payee dahil sa abuso sa droga o alcohol) bilang kabayaran.

Ang tagatanggap ay maaaring hamunin ang determinasyon na ang kinatawang babayaran ay kinakailangan at ang pagtukoy sa isang particular na tao bilang babayaran. Inoobliga ang Social Security na mag-imbetiga sa mga reklamo ng pang-aabusong pinansyal ng isang babayaran. Ang mga report ay dapat na gawin sa isang kasulatan sa Social Security. Kung saan may isang seryosong tanong, ang Social Security ay inoobligang mag-imbetiga at suspendihin ang mga kabayaran sa kinatawang babayaran.

## **10. Mga Benepisyong Pang-kapansanan at Trabaho**

Itinuturing na iba ng Social Security ang trabaho depende sa kung ikaw ay tumatanggap ng mga benepisyo ng kapansanang SSI o Titulo II. Kung ito ay kapwa mong tinatanggap, ang kapwa pangkat ng mga patakaran ay nalalapat sa iyo nang magkasabay.

### **a. Mga Gastos sa SSI at Trabaho Kaugnay ng Kahinaan**

Ikaw ay pwedeng magtrabaho at makakuha pa rin ng SSI maliban kung ang iyong kita ay tumaas na ikaw ay hindi na pinansyal na karapat-dapat. Ang SSI ay may mapagbigay na mga patakaran ng pagbibilang, \$20.00 ng anumang hindi pinaghirapang kita ay hindi kasama sa pagtaya ng halaga ng iyong SSI.

Pwede mo ring bawasan ang iyong mabibilang na kita at samakatwid dagdagan ang halaga ng iyong SSI sa pamamagitan ng mga pagaawas ng Impairment Related Work Expense (IRWE). Ito ang mga singil na binabayaran ng tatanggap mula sa kanyang bulsa para sa pag-alalay at panggagamot kaugnay sa kapansanan at para sa iba pang mga gastos na mayroon ang isa dahil sa pagtatrabaho at pagkakaroon ng kapansanan. Pinapayagan din ng Blind Work Expenses (BWEs) ang mga bulag na indibidwal na ibawas ang mga gastusin kaugnay sa trabaho. Ang mga BWE ay mas maluwag dahil ang gastusin ay hindi kinakailangang kaugnay sa pagkabalag ng benepisiyaryo, at dahil ang mga gastusin ay ibabawas sa bandang huli ng proseso. Halimbawa ang Pederal, estado, at mga local na buwis ng kita at mga buwis ng Social Security ay itinuturing na BWEs.

Pahina 13 ng 34

Paghahambing ng Buwanang Kabayaran sa SSI kasama ang BWE laban sa IRWE:

May \$40 BWE

\$361 Pinaghirapang Kita

-20 Pangkalahatang Kitang Hindi kasama

\$341

-65 Pinaghirapang Kitang Hindi kasama

\$276

÷ 2

=138 ½ Natitirang mga Kita

\$138

-40 Mga Gastusin sa Trabaho ng Bulag

=\$ 98

\$98 Mabibilang na Kita

\$889.40 2016 Antas ng Benepisyo ng SSI para sa indibidwal na bulag

-98 Mabibilang na Kita

\$ 791.40 Kabayaran sa SSI

May \$40 BWE

\$361

-20 Pangkalahatang Kitang Hindi kasama

\$341

-65 Pinaghirapang Kitang Hindi kasama

\$276

-40 Gastusing Kaugnay ng Kahinaan

\$236

÷2

= 118 ½ Natitirang mga Kita

\$118 Mabibilang na Kita

\$889.40 2016 Antas ng Benepisyo ng SSI para sa indibidwal na may kapansanan

-118 Mabibilang na Kita

\$771.40 Kabayaran sa SSI

**Tip ng Pagsasagawa:** Kung ikaw ay nakatira sa isang paupahan at pagaalaga kung saan nagbibigay ng pangangasiwa dagdag pa sa tinutuluyan, ang halaga ng mga serbisyong ito ay pwedeng ibawas mula sa alinmang pinaghirapang kita bilang isang Gastusin sa Trabaho Kaugnay sa Kahinaan (IRWE).

### **b. Mga Plano ng SSI at PASS**

Kasama ang “Plan for Achieving Self Support “ (Plano sa Pagkamit ng Tulong Pansarili) o PASS, ang kita o sobrang pagkukunan ay maaring mailukob at hindi kabilang sa pagpasya sa pagiging karapat-dapat para sa SSI. Ang kita o mga pagkukunang nakalukob ay maaring gamitin sa pagbayad ng matrikula, mga kagamitan kinakailangan sa trabaho, atbp. Ang mga taong interesado sa pagtitingin kung ang isang PASS ay aalalay sa kanila, at lalo ang mga taong hindi na karapat-dapat para sa SSI, ay marapat na maisangguni sa isang may kadalubhasaan sa pagsulat at pagpapatupad ng Mga Plano sa Pagkamit ng Tulong Pansarili. Ang SSA ay mayroong mga empleyadong espesyal na sinanay na tinatawag na Pass Cadres na nagtatrabaho sa programang PASS. Ang mga sumusunod na internet site ay nagbibigay ng isang mapa na maari mong gamitin upang matunton ang PASS Cadre para sa iyong lugar: [www.socialsecurity.gov/passcadre](http://www.socialsecurity.gov/passcadre). Ang mga benepisyaryo ay maari ring maisangguni sa kanilang lokal na tagaplano ng mga benepisyo (tingnan ang impormasyon sa WIPA sa ibaba).

### **c. SSDI/Titulo II, Panahon ng Pagsubok sa Trabaho, Pinahabang Panahon ng Pagiging karapat-dapat at SGA**

Para sa mga benepisyo ng SSDI/Titulo II, ang trabaho ay maaaring magresulta sa isang pagwawakas ng mga benepisyo kahit para sa mga taong may kapansanan pa rin. Ikaw ay magkakaroon ng isang buwang “panahon ng pagsubok sa trabaho” (TWP) kung (1) kumikita ka ng higit sa \$810 (sa 2016) o (2) kung nagtatrabaho sa sarili, ikaw ay nagtatrabaho ng higit sa 40 oras bawat buwan. Ang halaga ng kinita sa alinmang panahon ng buwan ng pagsubok sa trabaho ay hindi nakaaapekto sa halaga ng mga benepisyo hanggang sa ika-siyam na buwan ng sinusubok na trabaho. Pagkatapos ng buwan ng panahon ng pagsubok sa trabaho, mayroong magkakasunod na ika-tatlumpu’t anim na buwang pinahabang panahon ng pagiging karapat-dapat (EPE). Kapag ang kabuuang kita ng isang benepisyaryo ay higit sa \$1,130 (in 2016) sa panahon ng ika-tatlumpu’t anim na buwan ipinapalagay ng Social Security na ang tatanggap ay

gumagawa ng “substantial gainful activity” (mahalagang mapapakinabangang gawain) o SGA at ang mga benepisyo ng buwang iyon ay hihinto. Sa loob nitong tatlumpu’t anim na buwan, ang tatanggap ay may karapatan sa mga benepisyo kung ang kanyang gawain sa trabaho ay mababa sa SGA. Gayunman, kung ang tatanggap ay patuloy na kikita ng higit sa antas ng SGA pagkatapos ng ika-tatlumpu’t anim na panahon, ang mga benepisyo ng Social Security ay titigil.

Kahit ang kabuuang kita ay higit sa \$1,130 kada buwan, minsan ang ibang mga kadahilanan gaya ng sobrang tulong sa paggawa ng trabaho o paglahok sa isang programang suportadong trabaho (“subsidy”), pag-aalagang medikal na binabayaran mo para sa iyong sarili o bahagi ng kabayaran ginagawa mo sa isang Board & Care na mabibilang bilang pag—alaga at pangangasiwa (IRWE), ipahiwatig na ang trabahong iyon ay hindi SGA. Ang mga isyu sa kapansanan at trabaho ay partikular na komplikado para sa mga taong tumatanggap ng mga benepisiyo ng Kapansanan Titolo II. Kung posible, ang mga taong gustong subukang magtrabaho ay marapat na kumonsulta muna sa isang tagapagtaguyod.

Ang mga proyekto ng WIPA (Pagpapalano at Pag-alalay sa Insentibo sa Trabaho o Work Incentives Planning and Assistance) ay mga organisasyong batay sa komunidad na tumatanggap ng mga grant mula sa SSA upang maibigay ang lahat ng mga benepisyong pang-kapansanan ng Social Security at SSI (kasama ang transition-to-work na kabataang may edad) na may libreng gamit ng pagpapalano at pag-alalay sa mga insentibo sa trabaho. Ang bawat proyekto ng WIPA ay mayroong mga tagapayong tinatawag na Community Work Incentives Coordinators (CWIC) na makapagbibigay ng pagpapalano ng mga insentibo sa trabaho at pag-alalay sa mga benepisyaryong may kapansanan. Kung nais mong matunton ang organisasyong WIPA na pinakamalapit sa iyo tumawag sa 1-866-968-7842 or 1-866-833-2967 (TTY/TDD) para sa may kahinaan sa pagdinig.

## **11. Mga Sobrang kabayaran**

### **a. Pag-apela kung mayroong sobrang kabayaran**

Kapag ang tagatanggap ay makakuha ng abiso ng sobrang kabayaran ang unang tanong ay kung mayroon talagang naging sobrang kabayaran. Kung ang halaga ng, sa panahon ng, o anumang may katotohanang impormasyon sa abiso ng sobrang kabayaran ay hindi tama, humiling ng isang apela sa loob ng 10 araw. Sa ibang mga kaso, ang mga benepisyo

ay magpapatuloy sa panahon ng pag-apela. Tingnan ang “Mga Pag-apela”. Kung hindi masabi ng tagatanggap mula sa abiso, samakatuwid ang isang muling pagsasaalang-alang sa “impormal na pagpupulong” ay dapat na hilingin upang ang tagatanggap ay pwedeng matuklasan ang dahilan para sa sobrang kabayaran.

### **b. Pagpapaubaya sa Sobrang kabayaran**

Kahit ang tagatanggap ay sang-ayon na ang sobrang kabayaran ay tama ngunit hindi naniniwalang siya ang may pagkakamali, samakatuwid ang tatanggap ay dapat na humiling na ang SSA ay ipaubaya ang sobrang kabayaran.

### **c. Pamantayan ng Pagpapaubaya**

Upang ang isang pagpapaubaya ay maipagkaloob, dalawang bagay ay kailangang maging totoo: (1) na ang tatanggap ay walang pagkakamali sa pagdulot ng sobrang kabayaran AT (2) na ang pagbawi ng sobrang kabayaran ay madadaig ang layunin ng Social Security Act sa pamamagitan ng pagbawi sa tatanggap ng kita at pagkukunang kinakailangan para sa “karaniwan at kinakailangang gastusin sa pamumuhay” o ang sobrang kabayaran ay magiging “labag sa makatarungan at mabuting konsensya.” 42. USC 404 (b); 20 CFR 404.509.

### **Sa pagtukoy ng “pagkakamali”, ang SSA magsusuri kung ang tatanggap:**

- Nabigong magbigay ng impormasyon na alam niya o dapat na nalaman ay mahalaga; o
- Gumawa ng hindi tamang pahayag na alam niya o dapat na nalaman ay hindi tama.
- Hindi nagbalik ng isang kabayaran na kanyang nalaman o inaasahan na malaman ay hindi tama. 20 C.F.R. Section 404.507

Kung ang sobrang kabayaran ay dahil sa kita o pagbabago ng sitwasyon ng pamumuhay, ang Social Security ay una sa lahat na titingin kung ang tatanggap ay nagsabi o hindi ng tungkol sa kita o pagbabago ng sitwasyon ng pamumuhay. Ang Social Security ay kinakailangang isaalang-alang ang



mga limitasyon ng kapansanan kapag tumutukoy kung ang isa ay may pagkakamali o wala para sa mga layuning ng isang pagpapaubaya.

**Upang matukoy kung ang pagbawi ng sobrang kabayaran ay “dumadaig sa layuning ng Social Security Act”:**

Titingin ang SSA sa pinansyal na impormasyon na ibinigay ng tagatanggap bilang bahagi ng kanilang pag-aapply sa pagpapaubaya upang gawin ang ganitong pagpupunyagi. Ang tatanggap ay dapat na patunayan na kailangan nila ang lahat o halos lahat ng kanilang kita upang tugunan ang kanilang mga ordinary at kinakailangang gastos sa pamumuhay.

Kahit na ang Social Security ay matagpuan na ang tatanggap ay walang pagkakamali, ang hiling ng pagpapaubay ay itatanggi kung walang kapanipaniwalang ebidensya ng paghihirap sa pagbabayad

**Upang matukoy kung ang sobrang kabayaran ay magiging “labag sa makatarungan at mabuting konsensya”:**

Mayroong desisyon ang hukom na nagsasaad na sa pagtukoy ng makatarungan at mabuting konsensya ang desisyon ay dapat na isaalang-alang ang “lahat ng mga katotohanan at mga kalagayan ng kaso at magiging ayon sa isang malawak na konsepto ng pagkakapantay-pantay.” *Quinlivan v. Sullivan*, 916 F.2d 524.

**TIP SA PAGSASAGAWA:** Kapag mayroong sobrang kabayaran at ang tao ay tumatanggap ng SSI o kapwa SSI at isang benepisyong pang-kapansanan ng Titulo II, ang halaga ng pagbawi ay limitado sa 10% maliban na lamang kung mayroong panloloko. Bagaman ang proteksyong ito ay hindi nalalapat sa mga taong nakatatanggap lamang ng mga benepisyong pang-kapansanan ng Titulo II, bilang praktikal na paksa, ang Social Security ay kadalasang magsasaayos ng isang buwanang talakdaan ng kabayaran. Ang tatanggap ay madalas na kinakailangan ng pag-alalay sa pagpuno ng form ng pagpapaubaya at/o sa pagpapaliwanag kung paano ang mga limitasyon ng kapansanan ay humadlang sa abilidad ng tatanggap upang maunawaan o kumilos nang may paggalang sa mga kinakailangan sa pag-uulat. Kapag ang tatanggap ay hindi nag-ulat, o hindi nagtabi ng mga record ng pag-uulat, ang tagapagtaguyod ay maaring magbigay o kumuha ng tulong upang ang tatanggap ay ilagay sa ayos ang pag-uulat at mga sistema ng pag-iingat ng tala. Ang bawat tagatanggap ng SSI ay dapat na may isang kwaderno at three-hole punch sa gayon ang

lahat ng natanggap at isang kopya ng lahat ng ipinadala ay mailagay sa kwaderno at upang ang bawat pakikipag-ugnayan at pagbibigay-alam ay maisusulat.

#### **d. Mga Kinatawang Babayaran at Sobrang Kabayaran**

Kapag mayroong sobrang kabayaran at ang isang kinatawang babayaran, sa halos lahat ng kaso ang tagatanggap ay marapat na hindi matagpuang nagkamali para sa sobrang kabayaran. Ang tatanggap ay may karapatang magtanong para sa isang pagpapaubaya hiwalay mula sa anumang karapatan ang kinatawang babayaran ay mayroon.

#### **12. Mga Nawalang Tseke, Pamamaraan sa Madaliang Kabayaran at mga Paunang Kabayaran sa Kagipitan**

Ang mga aplikante ng mga benepisyong SSI o Titulo II na lumalabas na karapat-dapat para sa mga benepisyong ito at silang nagkakaroon ng pinansyal na kagipitan ay makakakuha ng paunang kabayaran sa kagipitan ng hanggang sa isang buwang mga benepisyo. SSA POMS SI 02004.005, DI 11055.245. Ang aplikante ay dapat na maipagpalagay na karapat-dapat ayon sa edad o kapansanan (ang Social Security ay may listahan ng maipagpapalagay na karapat-dapat na mga kapansanan gaya ng AIDS, lubusang pagkabalug, atbp.); o ang pagiging karapat-dapat sa SSI ay dapat na mapatunayan ngunit ang Social Security ay hindi natapos ang dokumento para ang mga benepisyo ay magsimula. Ang pinansyal na kagipitan ay dapat na mag-anyo bilang isang banta sa kalusugan o kaligtasan, gaya ng kakulangan ng pagkain, damit, tirahan o pangangalagang medikal. Ang opisina ng Social Security ay kaagad na maglalabas ng tseke, na walang antala ng kompyuter o liham.

Para sa mga kliyente na ang SSI o Titulo II ay pinahintulutan na at humaharap sa pinansyal na kagipitan, ang Social Security ay makahihiling ng paglabas ng minadaling tseke, kung saan ipinadadala ng Kagawaran ng Pananalapi ang tseke sa kliyente. Kung ang kagipitan ay gayong ang kliyente ay hindi makapaghihintay sa isang tseke sa koreo, ang opisina ng Social Security ay maaring maglabas ng isang Madaliang Kabayaran ng SSI ng hanggang sa \$999 kaagad. POMS SI 02004.100 and POMS RS 02801.010.

Kung ang isang tseke ng Social Security ay huli o nawala, ang kliyente ay maaaring madaliang mag-ulat na nawawala ang tseke. Ang Social

Security ay gayong may hanggang sa 10 araw na maglabas ng kapalit na tseke na ilalabas. POMS SI 02004.100B.4.

### **13. Mga Pag-aapela**

#### **a. Mga Hakbang sa Proseso ng Pag-aapela**

Ang mga hakbang sa proseso ng pag-apela ng Social Security ay: (1) muling pagsasaalang-alang, (2) pag-apela sa pagdinig ng isang hukom ng administratibong batas (ALJ), (3) pag-apela sa Konseho ng mga Apela (4) mag-apela sa pederal na korte.

##### **Muling Pagsasaalang-alang**

Ang tagal ng panahon para sa paghahabla ng isang apela (hiling para sa muling pagsasaalang-alang o hiling para sa pagdinig) ay 60 araw mula sa petsa ng desisyon. Ipinagpapalagay ng Social Security na ang abiso ay natanggap ng ikalimang araw pagkatapos ng petsa ng abiso. Kung paano mo mailalahad ang iyong kaso ay nakadepende sa problemang kasangkot at ikaw man ay nagtaanong sa SSA na muling isaalang-alang ang isang pagpupunyagi sa isang pag-aapply o ang pagpupunyagi sa isang pagsususpindi, pagbabawas o pagwawakas ng mga benepisyo.

##### **Bagong Aplikasyon**

Kung ikaw ay nakatatanggap ng mga benepisyong SSI o SSDI dahil ikaw ay bulag o may kapansanan at ikaw ay humiling ng muling pagsasaalang-alang ng una o binagong pagpupunyagi na, ayon sa mga sanhing medikal, ikaw ay hindi na ngayon bulag o may kapansanan, ang SSA ay bibigyan ka ng oportunidad para sa isang pagdinig pang-kapansanan. Ang iyong pagdinig pang-kapansanan ay isasagawa ng isang opisyal ng pagdinig pang-kapansanan na hindi kasangkot sa paggawa ng pagpupunyaging iyong inaapela. Ang pagdinig pang-kapansanan ay magpapahintulot sa iyo na magharap ng ebidensiya at ilahad ang iyong pananaw sa isang opisyal ng pagdinig pang-kapansanan

**Pagsususpindi, Pagbabawas, Pagwawakas ng mga Benepisyo Dahil sa Hindi Medikal na Dahilan**

Mga tatanggap na nakakakuha ng SSI ay makahihiling ng muling pagsasaalang-alang sa pamamagitan ng pagsusuri ng kaso (may ibang tao sa opisina na magsusuri sa mga papel sa file at anuman ang iyong

ipinasa), impormal na pagpupulong (pinapayagan ka sa isang oportunidad na maglahad ng mga saksi), o pormal na pagpupulong (gaya ng impormal na pagpupulong ngunit may kakayahang magkaroon ng subpoena ang inilabas upang pilitin ang kinaroroonan ng isang tao o mga papel na maaaring kailanganin para sa isang patas na pagpapasiya). Kung iiwan mong blangko ang form sa kung anong muling pagsasaalang-alang ang iyong gusto, ang Social Security ay bibigyan ka lamang ng pagsusuri sa kaso.

Para sa mga benepisyaro ng SSDI, ang pagsusuri sa kaso lamang ang magagamit para sa mga pag-apela sa mga problemang hindi tungkol sa medikal.

### **b. Pagpapatuloy ng mga Benepisyo sa panahon ng isang Apela**

Kapag nag-aapela ng isang abiso na nagsasabi na ikaw ay hindi na isang may kapansanan sa gayon ang pagwawakas ay batayang medikal, ang buong mga benepisyong ay magpapatuloy sa buong panahon ng pagdinig ng ALJ kung ikaw ay mag-aapela sa loob ng 10 araw sa pagtanggap ng una o muling pagsasaalang-alang na abiso at hiningi mo sa kanila na ang mga benepisyong ay magpatuloy. Hinging punan ang Benefit Continuation Election Statement. Kung ikaw ay matalo sa huli ngunit ikaw ay nag-aapela na nasa magandang hangarin, anumang sobrang kabayaran ay maipapaubaya. Para sa iba pang mga problema, ang pagpapatuloy ng mga benepisyong ay magagamit lamang sa mga taong nakatatanggap ng SSI o mga benepisyong SSI at Titulo II at doon lamang sa unang hakbang sa muling pagsasaalang-alang sa proseso ng apela. Ang kahilingan sa muling pagsasaalang-alang kasama ang kahilingan na ang mga benepisyong ay magpatuloy ay kinakailangang gawin sa loob ng 10 araw mula sa pagtanggap ng abiso.

Ang mga taong nakatatanggap lamang ng mga benepisyong Titulo II ng Social Security ay walang karapatan sa pagpapatuloy ng mga benepisyong kapag sila ay hiningi para sa isang muling pagsasaalang-alang kasangkot ang isang problemang hindi medikal.

#### **14. Mga Reklamo tungkol sa mga Problemanang Administratibo sa mga Opisina ng Social Security**

Minsan mayroong mga problema sa kung paano hinahawakan ng opisina ang isang kaso ng kliyente, hiwalay mula sa mga tanong na mahahawakan sa apela gaya ng kung ang kliyente ay may kapansanan o kung mayroong sobrang kabayaran. Ang ilang mga halimbawa ay kung ang kliyente ay marahas na pinakitunguhan; ang kliyente ay magsasampa ng isang apela ngunit hindi nakakakuha ng sagot o isang pagdinig at ang mga benepisyo ay pinutol gayunpaman; ang manggagawa ng Social Security ay tumangging tanggapin ang isang pag-aapply o isang kahilingan ng pag-apela; ang kliyente ay tinanggihan ng isang pagtulong para sa kanyang kapansanan; isang tseke ay nawawala o nawala at ang Social Security ay tumangging tumulong; o ang Social Security ay tumanggi sa pagtugon kapag ang kliyente ay nag ulat mga problema sa kinatawang babayaran.

Kapag ang kliyente ay mayroong mga problema sa kung paano pinangangasiwaan ng Social Security ang mga benepisyo, sumulat ng isang liham ng reklamo sa "Tagapamahala ng Field Office" ng lokal na opisina ng Social Security, na nagpapaliwanag ng problema at humihingi ng isang imbestigasyon. Ikaw ay dapat ring magpadala ng kopya ng iyong reklamo sa Public Affairs Unit, Social Security Administration, San Francisco Regional Office, P.O. Box 4201, Richmond CA 94904. Telepono: 510970-0000 / Fax: (510) 970-8216

Ang parehong opisina ay lumilipi rin sa "Kritikal na Yunit ng Kongreso", na siyang humahawak sa mga pagtatanong mula sa tauhang pang-Kongreso patungkol sa magkakasamang mga reklamo. Sa isang madaliang sitwasyon, gaya ng isang kliyente na naputulan ng mga benepisyo na walang abiso, sila ay tutugon sa mga kahilingan mula sa isang tagapagtaguyod (ngunit hindi mula sa isang kliyente).

#### **Pagtawag sa Iyong Kinatawang Pang-Kongreso**

Kung ikaw ay hindi naging matagumpay sa pag-ayos ng iyong problema sa SSA, maari kang tumawag sa iyong kinatawang pang-kongreso. Ang mga kinatawan ay may kakayahang tulungan ang mga manghahalal sa mga problemang kinahaharap nila sa mga ahensiyang pederal. Ang halos lahat ng mga kinatawan ay ipakukumpleto sa iyo ang "case work authorization form" na karaniwang nasa website ng kinatawan. Ang form na ito ay nagsisilbi sa dalawang layunin. Una, ito ay nakasulat na pahintulot na

pinapayagan ang SSA na magpaalam ng impormasyon sa iyong kinatawan. Pangalawa, ito ay nagsisilbing ipaliwanag sa iyong kinatawan ang pag-alalay na iyong hinahanap mula sa kanila. Matutunton mo ang iyong lokal na kinatawan sa: <http://www.house.gov/zip/ZIP2Rep.html>

### Seksyon 504 Mga Reklamo

Ang mga pederal na ahensiya kasama ang Social Security ay nasasaklaw sa seksyon 504 ng Batas sa Pagpapanibagong-ayos, 29 U.S.C. Section 794. Ang seksyon 504 ay nagsasabi na ang Administrasyon ng Social Security ay hindi maaring magtangga laban sa mga tao dahil sa kanilang mga kapansanan. Hinihingi ng Seksyon 504 na ang Administrasyon ng Social Security ay gumawa ng makatarungang pagtulong sa mga pangangailangang pang-kapansanan ng mga taong nag-aapply para sa mga benepisyo at mga taong tumatanggap ng mga benepisyo. Kung ikaw ay naniniwalang pinakitunguhan nang hindi patas ng isang SSA dahil sa iyong kapansanan, ikaw ay may karapatang magsampa ng reklamong Seksyon 504 Karapatang Pangmamamayan. Ang hindi patas na pakitungo ay maaaring ibilang ang isang pagkabigo sa pagbigay sa iyo ng sobrang tulong na iyong kailangan dahil sa iyong kapansanan.

Ipadala ang iyong reklamong Seksyon 504 sa Social Security Administration, Civil Rights Complaint Adjudication Office, P.O. Box 17788, Baltimore, MD 21235-7788. Magtabi ng kopya ng iyong Reklamo at isulat sa iyong kopya ang petsang inilagay mo sa liham. Dapat kang magsubaybay-muli kung hindi ka makatanggap ng kahit ano sa liham mula sa Social Security sa loob ng apat hanggang anim na lingo. Ang numero ng telepono para sa opisang humahawak ng Seksyon 504 ay (866) 574-0374. Ipaliwanag na ikaw ay nagsampa ng reklamong Seksyon 504 karapatang pangmamamayan laban sa Social Security sa gayon ikaw ay ididirekta sa tamang tao.

## **B. Medi-Cal**

### **1. Pagiging Karapat-dapat sa Medi-Cal kaugnay sa SSI**

Ang programang Medicaid, kilala sa California bilang Medi-Cal, ay nagbabayad para sa medikal na pag-aalaga para sa mga taong may mababang kita. Ang mga taong nasa SSI ay awtomatikong karapat-dapat para sa Medi-Cal na walang hiwalay na aplikasyon ng Medi-Cal.

Kapag ang mga kalagayan ng benepisyaryo ay magbago sa paraang nakaaapekto sa pagiging karapat-dapat sa Medi-Cal, gaya ng pagkawala ng SSI, ang Medi-Cal ay hindi awtomatikong nagwawakas. Ang Medi-Cal ay nagpapatuloy habang ang probinsya ay tumitingin sa mga posibleng paraan na ang benepisyaryo ay maaring patuloy na makakuha ng Medi-Cal. Gagawin nito na napakahirap na mawalan ng Medi-Cal. Ang proseso ay dinidenyo upang iwasan ang mga hindi kinakailangang pagwawakas (at muling pag-aapply). Kung ang iyong probinsya ay ginagawa ito nang tama, ang “seamless” na prosesong ito ay nagbibigay-daan sa mga taong kumilos nang malaya mula sa isang programa papunta sa isa pang programa na walang hindi kinakailangang paghinto sa pagsaklaw.

**TIP SA PAGSASAGAWA:** Mas madali at mas mabilis na kumuha ng Medi-Cal base sa kapansanan kaysa kumuha ng SSI. Mag-apply muna para sa Medi-Cal at pagkatapos, kapag ang Medi-Cal ay angkop na, mag-apply para sa SSI sa opisina ng Social Security. Kung ikaw ay tinanggihan sa SSI, ang Medi-Cal ay patuloy hangga’t ang isa ay nananatiling nag-aapela. Kung ang SSI ay unang itinanggi, ang pagtanggap ito ay mapipigil din ang pag-aapply ng Medi-Cal, na siyang itatanggi.

## **2. Iba pang mga Paraan Upang Kumuha ng Medi-Cal**

Ang mga taong hindi nakakukuha ng SSI ay maari pa ring makakuha ng Medi-Cal. Upang kumuha ng Medi-Cal na mag-isa, mag-apply sa opisina ng kapakanang pang-probinsya. Dapat na tanggapin o itanggi ng Medi-Cal ang pag-aapply sa loob ng 45 araw. Kapag ang pagpupunyaging pang-kapansanan ay dapat na gawin, ang probinsya ay mayroong mas mahabang panahon, 90 araw.

Kahit pa ang iyong kita ay masyadong mataas upang makakuha ng SSI, ikaw ay makakakuha pa rin ng Medi-Cal kung:

- Natutugunan mo ang mga hangganan ng pinagkukunan ng Medi-Cal (\$2000 para sa mga indibidwal, \$3000 para sa isang pamilyang may dalawang tao, mas matataas na halaga para sa mas malalaking pamilya);
- Ikaw ay higit sa edad 65, bulag o may kapansanan na tumutugon sa mga pamantayan ng SSA; at

- Ikaw ay isang residente ng California at maski isang mamamayan ng U.S. o isang “kwalipikadong” imigrante, gaya ng isang legal na permanenteng residente.

Marapat na tasahin ng probinsya kung ang aplikante ay tumutugon sa criteria para sa kahit anong libre o walang bahagi sa gastos sa programang Medi-Cal muna. Mayroong maraming programang Medi-Cal na hindi hinihingi na ang mga benepisyaryo ay magbayad ng buwanang bahagi sa gastos o premium. Isang matulunging website na naglalarawan sa iba't ibang mga programang Medi-Cal ay matatagpuan sa website ng Health Consumer Alliance: <http://healthconsumer.org/Medi-CalOverview2008Ch7.pdf>

Kung ang kita ng isang tao ay mataas sa pamantayan ng Medi-Cal (\$600 para sa isang tao, \$750 para sa dalawa, \$934 para sa tatlong tao o mag-asawa, mas matataas na antas para sa mas malalaking pamilya), at siya ay hindi kwalipikado para sa anumang iba pang programang Medi-Cal, siya maaring makakuha ng Medi-Cal na may buwanang “bahagi ng gastos”. Ang bahagi ng gastos ay ang pagkakaiba sa pagitan ng mabibilang kita ng tao at ang nauukol na Antas ng Medi-Cal sa Pangangailangan ng Sustento. Kapag natanggap na ng tagatanggap ang mga bayaring medikal pantay sa halaga ng kanyang buwanang bahagi ng gastos, ang Medi-Cal ay babayaran ang natitira niyang mga bayaring medikal para sa buwan. Ang isang tagatanggap ng Medi-Cal ay pwede ring tugunan ang kanyang bahagi ng gastos sa mga buwan na magdadaan ng mga luma, at hindi pa bayad na bayaring medikal.

### **3. Medicare at Medi-Cal**

Ang mga taong nakakakuha ng mga benepisyo ng Medi-Cal dahil nakakakuha sila ng mga benepisyo ng Titulo II ngunit hindi ng SSI ay maari ring mag-apply para sa Medi-Cal. Sinasaklaw din ng Medi-Cal ang ilang serbisyo na hindi sinasaklaw ng Medicare.

### **4. Mga Serbisyong Saklaw ng Medi-Cal**

Ang Medi-Cal ay nagbabayad para sa malawak na saklaw ng mga serbisyong medikal na kinakailangan. Ang mga serbisyong pang-mental na kalusugan ay saklaw sa pamamagitan ng Medi-Cal Mental Health managed care plan ng probinsya. Iba pang saklaw na mga serbisyo ay kasama ang pagbisita ng doctor, pagpapa-ospital, mga resetang gamot,



mga serbisyong x-ray at laboratory, matibay na kagamitang medikal, at pangangalagang pang-kalusugan sa tahanan kasama ang nursing care. Matapos magpasa ng tagapagtustos ng isang Treatment Authorization Request upang masaklaw ang mga kinakailangang serbisyo, ang Medi-Cal ay mayroong 30 araw upang pahintulutan, tanggihan o ipadala ang kahilingan pabalik para sa karagdagang impormasyon. Kung ang Medi-Cal ay hindi kumilos sa loob ng 30 araw, ang kahilingan ay itinuturing na awtomatikong pinahintulutan.

## **5. Mga Pag-aapela sa Medi-Cal**

Kung itanggi ng Medi-Cal ang pag-aapply sa isang pagiging karapat-dapat ng o isang kahilingan sa mga serbisyo, ang probinsya, ang ahensya ng Medi-Cal, o ang Medi-Cal managed care plan ay dapat magbigay ng isang nakasulat na abiso ng pagkilo sa tatanggap na ipinapaliwanag ang dahilan para sa pagtanggig. Ang abiso ay dapat na ipaliwanag din kung paano mag-apela sa pamamagitan ng paghiling ng isang patas na pagdinig ng Medi-Cal. Kahit na walang abiso sa pagkilos, halimbawa kapag mayroong antala sa pagkuha ng kinakailangang mga serbisyo, ang kliyente ay maaring mag-apela sa pamamagitan ng pagtawag o pagsulat sa opisina ng patas na pagdinig ng Medi-Cal.

**TIP SA PAGSASAGAWA:** Ang mga pag-apela sa Medi-Cal ay pinakikinggan ng mga Hukom ng Administratibong Batas mula sa State Hearings Division, California Department of Social Services, 744 P Street, Sacramento CA 95814.

Toll-free na Linya ng Pag-aapela: (800) 743-8525

Fax: (916) 651-6258

Opisina ng Punong ALJ: (916) 657-3550

## **C. Medi-Cal para sa mga Bata at ang Programang EPSDT**

### **1. Mas malawak na Pagiging Karapat-dapat sa Medi-Cal para sa mga Bata**

Ang mga batang may kapansanan na ang kita ng mga magulang ay mataas ay maaari pa ring maging kwalipikado para sa Medi-Cal na may bahagi sa gastos. Kahit na ang bahagi sa gastos ay ilang libong dolyar

kada buwan, maaring tumulong ang Medi-Cal sa pamamagitan ng pagsaklaw ng natitira sa anumang singil sa ospital, atbp. para sa buwan.

Iba pang espesyal na mga patakaran sa pagiging karapat-dapat sa Medi-Cal:

- (a) (a) Sa pagkakalkula ng bahagi ng gastos, ang kita ng isang step-parent ay hindi binibilang; ang kita lamang ng bata at ang kita ng magulang kung saan ito nakatira ang binibilang.
- (b) (b) Ang mga batang inilagay sa labas ng tahanan sa pamamagitan ng hukuman ng Dependency ay awtomatikong karapat-dapat sa Medi-Cal.
- (c) (c) Ang mga batang may pagpopondo ng Adoption Assistance ay karapat-dapat sa Medi-Cal. Karagdagan pa, ang mga bata ay maaaring maging kwalipikado para sa Medi-Cal na walang bahagi ng gastos at walang pagkilala sa mga pag-aari at pagkukunan ng kanilang mga magulang sa pamamagitan ng mga programang “Percent of Poverty”. Ito ay mahalaga dahil ang ipon ng pamilya ay minsan lumalabas na gawing hindi karapat-dapat ang bata para sa Medi-Cal.

## **2. 2. Pinagpatuloy na Medi-Cal para sa mga Batang may Kapansanan.**

Ang mga batang naiwakas mula sa SSI sa ilalim ng mas mahigpit na mga pamantayan sa kapansanan ay may karapatan sa Medi-Cal kung sila ay magiging karapat-dapat para sa SSI ngunit para sa pagbabago ng kahulugan; sila din ay may karapatan na ituloy ang Medi-Cal habang nag-aapela. Totoo rin na kahit hindi nagpapatuloy ang kanilang mga benepisyo sa SSI sa pamamagitan ng apela. Ang Medi-Cal ay magpapatuloy hindi lamang sa pagdinig ng Social Security ALJ ngunit maging habang may kahilingan sa pagsusuri ng Konseho ng mga Apela. Kung ang mga bata ay matalo sa pagdinig sa ALJ, mahalaga na sila ay mag-apela sa Konseho ng mga Apela kung sila ay naniniwala na may kapansanan pa rin sila at nangangailangan ng Medi-Cal.

## **3. Mga Serbisyon Pang-mental na Kalusugan ng EPSDT**

Ang mga batang mababa pa sa edad na 21 na karapat-dapat para sa Medi-Cal ay may karapatan sa mga dagdag na serbisyo, kasama na ang mga masinsinang serbisyo sa mental na kalusugang pangtahanan at naka-base sa komunidad, sa pamamagitan ng isang espesyal na programang

kilala bilang EPSDT, na ang ibig sabihin ay “Early and Periodic Screening, Diagnosis, and Treatment.” 42 U.S.C. Section 1396a (a)(10)(A); 42 U.S.C. Section 1396d(a)(4)(B). Sa ilalim ng programang EPSDT, ang estado ay dapat na magbigay ng mga serbisyong dyagnostiko at panggagamot "upang itama at magpaunlad ang mga depekto at mga pisikal at mental na pagkakasakit at kondisyon na saklaw ng serbisyo sa pag-screen, maging ang mga serbisyong ito ay saklaw sa ilalim ng plano ng Estado.” 42 U.S.C. Seksyon 1396d(r)(5). Ito ay mas madaling pamantayan ng medikal na kinakailangan kaysa regular na Medi-Cal: ang mga bata ay makakakuha ng mga serbisyo upang mapanatili ang paggana, kahit ang kanlang kondisyon ay hindi tiyak na mapapabuti.

Ang mga bata ay may karapatang tumanggap ng mga serbisyo ng EPSDT na kinakailangan kahit na ang mga serbisyo ay hindi nila magagamit kung sila ay may sapat na gulang. Ito ay tinatawag na “supplemental” na mga serbisyo ng EPSDT. Ang programang EPSDT ay maaring sumaklaw sa indibidwal o pampamilyang terapewtika nang mas madalas kaysa sa papayagan ng Medi-Cal. Ang EPSDT ay maari ring saklawin ang malawakang pamamahala ng pag-uugali at mga serbisyong pamamagitan sa krisis sa tahanan, sa mga pangkat ng tahanan o sa mga pangtahanang pinaglagyan para sa mga bata na may mental na kapansanan. Ang mga serbisyong ito ay maaaring ibilang ang one-on-one o kahit two-on-one na mga tulong sa pag-uugali at iba pang mga in-home na programa ng pamamahala sa pag-uugali, pampamilyang pagpapayo, terapewtikang in-home, terapewtikang suporta sa staff at pag-uugaling pamamagitan o pagsasanay sa kasanayan ng buhay. Ang gastos ng serbisyo ng EPSDT sa tahanan o komunidad ay dapat na hindi hihigit sa gastos ng institusyong pinaglagyan.

Ang tagapagtustos ay dapat na humiling ng awtorisasyon upang bigyan ang EPSDT ng mga serbisyong supplemental sa kalusugang mental mula sa Mental Health Plan na pinamamahalaang pag-aalaga ng probinsya. Ang awtorisasyon para sa iba pang mga serbisyong supplemental ng EPSDT na hindi kaugnay ng kalusugang mental ay dapat na hilingin mula sa Departamento ng mga Serbisyo ng Pangangalaga sa Kalusugan, o kung ang bata ay naka-enrol sa pinamamahalaang plano sa pag-aalaga ng Medi-Cal para sa mga serbisyo ng pisikal na kalusugan, mula sa pinamamahalaang plano sa pag-aalaga. Kung kahilingan para sa awtorisasyon ay itinanggi, ang pamilya ay maaring mag-apela sa

pamamagitan ng regular na proseso ng pag-aapela ng Medi-Cal. (Tingnan ang Seksyon B.5 sa itaas.)

#### **4. Pamamahala ng Kaso sa EPSDT**

Sa ilalim ng EPSDT, ang mga bata ay maaring maging kwalipikado para sa malawakang pag-aalaga sa kaso na katulad sa Targeted Case Management para sa mga may sapat na gulang. Ang mga bata at kanilang pamilya ay maaring hilingin ang pamamahala sa kaso upang umalalay sa isang kahilingan para sa mga supplemental na serbisyo sa kalusugang pang-mental ng EPSDT na maghanap ng isang tagapagtustos, bumuo ng isang plano sa panggagamot, atbp. Ang isang tagapagtustos o pamilya ay maari ring direktang humiling ng mga serbisyo ng EPSDT sa mental na kalusugan mula sa probinsya.

#### **5. Mga Tulong Pamamagitan sa Pag-uugali ng EPSDT**

Ang Therapeutic Behavioral Services (TBS) ay mga one-to-one na serbisyong pamamagitan sa pag-uugali para sa mga bata na may malawak na pangangailangan sa mental na kalusugan. Ang TBS ay inilaan bilang isang serbisyong supplemental na espesyalidad sa mental na kalusugan sa ilalim ng EPSDT simula 1998 bilang resulta ng isang pederal na kaso, Emily Q. V. Belshe, No. 98-4181 WDK(AIJX), (U.S.D.C, C.D. Cal.). Ang kaso ay isinampa laban sa Departamento ng mga Serbisyo ng Pangangalaga sa Kalusugan ng Estado (DHCS) sa ngalan ng isang klase ng mga bata sa o nasa panganib ng mataas na antas ng paglalagay pangtahanan bilang resulta ng mga pag-uugali kaugnay sa kanilang mga pangangailangan sa mental na kalusugan.

Ang TBS ay isang pamamagitan sa outpatient na panggagamot para sa mga benespiyaryo ng EPSDT na wala pa sa edad 21 na may seryosong emosyonal na pagkabagabag na nangangailangan ng mga pansariling serbisyo ng pamamagitan sa pag-uugali nang panandalian upang tuparin ang mga kinalabasan ng pag-uugali ay maisulat sa plano ng panggagamot. Ang isang makabuluhang bahagi ng TBS ay ang pagkakaroon ng isang on-site na katulong o tagasanay, kung nasaan man ang bata, para sa tiyak na mga panahon ng oras upang muling patnubayan ang bata o upang magbigay ng iba pang pamamagitan bilang nagpupursigang sa plano ng panggagamot.

Mga bata/kabataang tumutugon sa klaseng kahulugan para sa pagiging karapat-dapat sa TBS na nakatatag sa ilalim ng kasong Emily Q kung ang bata/kabataan ay inilagay sa isang mataas na antas na pangkat tahanan (RCL 12-14) na nagbibigay ng panggagamot sa mental na kalusugan o isang nakakandadong pasilidad ng panggagamot sa mental na kalusugan ay itinuturing na isang posibleng opsyon para sa bata/kabataan; o kung siya ay nagkaroon ng kahit isang beses na saykayatrikong pagpapaospital sa loob ng nagdaang 24 buwan. Ang mga bata/kabataang ito ay karapat-dapat sa para sa TBS kung ang isang tagapagtustos sa mental na kalusugan ay makita na sakanyang klinikal na paghatol na lubhang inaasahan na, kung wala ang karagdagang panandaliang suporta ng TBS, ang bata/kabataan ay mangangailangang mailagay sa isang pangkat tahanan na nagbibigay ng mga serbisyo ng masinsinang panggagamot sa mental na kalusugan o isang nakakandadong pasilidad para sa mga pangangailangan ng panggagamot sa mental na kalusugan, o mangangailangan ng inpatient na mga serbisyo ng ospital ng malubhang saykayatriko, mga serbisyo ng pasilidad ng kalusugang saykayatriko, o mga serbisyo ng pangtahanang panggagamot sa krisis; o (2) ang bata/kabataan ay nangangailangan ng karagdagang suporta ng TBS upang hayaan siya sa pagbabago mula sa anuman sa mga antas na iyon papunta sa mababang antas ng isang kasong pangtahanan.

Ang bata/kabataan ay dapat na tumatanggap ng kahit na isa pang ibang serbisyo sa mental na kalusugan upang maging karapat-dapat para sa TBS, ngunit wala sila sa pagtatanggap ng mga serbisyong “wraparound” upang makatanggap ng TBS. Ang mga serbisyong TBS, gayunman, ay karaniwang pinakamabisa kapag ibinigay bilang bahagi ng isang masinsinan, magkaka-tugmang mga planong “wraparound” para sa mga bata na kung hindi ay mailalagay sa mataas na antas ng mga pangkat ng tahanan (RCL 12 to 14) o sa isang yunit ng malubhang saykayatriko o ospital ng estado.

Sa pamamagitan ng EPSDT, ang estado at ang probinsya ay dapat na isaklaw ang TBS, at ibang mga serbisyong pang-mental na kalusugan para sa mga bata kapag medikal na kinakailangan, kasama ang pamamahala ng kaso upang tulungan ang mga pamilya na maghanap ng mga tagapagtustos at magpasa ng mga kahilingan, at masinsinan, magkakatugma-tugmang pagpapalano ng kaso. Ang estado at probinsya ay dapat na magbigay ng mga serbisyo ng EPSDT sa lahat ng mga bata na kaagad na nangangailangan dito at walang listahan ng paghihintay.

## **D. In-Home Supportive Services/Mga Personal na Serbisyo ng Pag-aalaga**

### **1. Ang Apat na Programa ng IHSS**

Mayroon ngayong apat na programa ng IHSS: (1) Ang orihinal na programang residwal (IHSS-R) (napakakaunting mga tao ay nananatili sa ilalim ng programang ito); (2) Medi-Cal Personal Care Services Program (PCSP); (3) IHSS Plus Option (IPO); at (4) Community First Choice Option (CFCO). Kapag sinabi ng mga taong “IHSS” sila ay karaniwang binabanggit ng lahat ng apat na programa. Halos lahat ng mga serbisyo ng mga tao ay sinasaklaw ng Medi-Cal PSP kung saan ang pederal na gobyerno ang nagbabayad para sa halos kalahati ng gastos ng mga serbisyo sa ilalim ng regular na mga patakaran ng programa ng Medicaid – gaya ng pagbayad ng pederal na gobyerno para sa halos kalahati ng gastos ng iba pang serbisyo ng Medi-Cal. Kung ang mga serbisyo ay ibinibigay ng asawa o magulang ng isang menor, o kung mayroong paunang bayad o allowance sa isang pagkain sa restawran , at ang tatanggap ay isang malayang benepisyaryo ng Medi-Cal, sa gayon ang mga serbisyo ay saklaw sa ilalim ng IHSS Plus Option o ng Community First Choice Option, depende sa kanilang mga pangangailangan, dahil sa mga patakaran ng pederal na Medicaid. Ang mga taong hindi karapat-dapat para sa malayang Medi-Cal ay dapat na tumanggap ng kanilang mga serbisyong IHSS sa ilalim ng Programang IHSS-R.

### **2. Anu-anong mga Serbisyo ang Kayang Ibigay ng Manggagawa ng IHSS?**

Ang programang IHSS ay pinahihintulutan ang mga kinakailangang serbisyo upang alalayan ang mga tao upang manatiling ligtas sa kanilang mga tahanan. “Sariling tahanan” ay kinabibilangan ng isang pangtahanang hotel ngunit hindi isang pasilidad na Board & Care. Ang IHSS ay nagbibigay ng kabayaran para sa isang manggagawa ng tahanan ng pag-aalaga upang pumasok at tumulong sa mga gawaing-bahay at personal na pag-aalaga. Ang mga serbisyong saklaw ay kinabibilangan ng mga serbisyong pangtahanan (paglilinis, paglalabas ng basura, atbp.), mga kaugnay na serbisyo (paghahanda ng pagkain, pagpapalano at pagliligpit ng pagkain, paglalaba kasama ang pagpapalantsa at pagaalis ng mga bagay, pamimili at iba pang mga bilin), mga serbisyo ng personal na pag-aalaga (pag-alalay sa pagbibihis, paglilinis, paliligo, paggamit ng banyo,

pagbangon at pagpunta sa kama), pagsama sa doktor o ibang alternatibong pagkukunan ng mga serbisyo gaya ng isang programang pang-araw, at serbisyo paramedical (hal., mga ineksyon ng insulin). Ang mga tatanggap ay pinahihintulutan para sa mga numero ng oras kada linggo o kada buwan na kinakailangan upang kumpletuhin ang mga gawain na kanilang hinihiling upang mabuhay nang ligtas sa tahanan.

### **3. Sino ang Pwede Mong Maging Manggagawa ng IHSS?**

Sa halos lahat ng mga probinsya ang mga serbisyo ay ihahatid sa pamamagitan ng Indibidwal na mga Tagapagtustos na ang ibig sabihin ang tatanggap ay magapasya kung sino ang uupahan. Ang manggagawang IHSS ng probinsya ay maaring ibigay ang mga numero sa telepono ng mga ahensya na nagpapanatili ng mga listahan ng mga interesadong manggagawa o ang tatanggap ay maaring tumawag sa pinakamalapit na independent living center. Sa ibang mga probinsya ang mga manggagawa ay ibinibigay sa pamamagitan ng mga ahensya.

### **4. Pag-aapply para sa IHSS**

Ang proseso ng pag-aapply ay sinisimulan sa pamamagitan ng pagtawag sa departamento ng kapakanan ng probinsya. Ang departamento ng kapakanan ay magpapadala ng isa upang suriin ang aplikante upang matukoy ang mga serbisyo at bilang ng oras na maa-awtorisahan. Ikaw ay may karapatang ma-assess bago ka lumipat sa iyong sariling tahanan upang walang maging laktaw sa mga serbisyo. DSS regulation 30-755.12. Ibig sabihin ikaw ay maaring ma-assess sa isang IMD, isang dalubhasang pasilidad ng pag-aalaga o Board & Care at hindi kinakailangang maghintay hanggang ikaw ay talagang nasa iyong nang tahanan kapag ikaw ay nag-apply.

Halos lahat ng mga karanasan ng mga manggagawa ng IHSS ng probinsya ay sa mga matatanda at mga taong may pisikal na kapansanan. Madalas, ang mga tauhan ng IHSS ng probinsya ay hindi sanay sa mga aplikasyon mula sa mga taong may mga pisikal na kapansanan. Ang isang tagapagtaguyod ay maaring tumulong sa pagkuha ng pagbibigay-katwiran sa medikal o panggagamot para sa IHSS upang tulungan ang manggagawa ng probinsya na maunawaan bakit ang mga serbisyo ay kinakailangan. Ang in-home na pagbisita ng manggagawa ng probinsya ay nakakatakot para sa ibang tao. Ang tagapagtaguyod ay maari ring tumulong sa pamamagitan ng pagkuha ng isang taong sasama sa

aplikante sa oras ng pagbisita sa bahay upang ipaliwanag bakit kinakailangan ang mga serbisyo.

### **5. Mga Pag-aagap**

Sa pagtukoy sa bilang ng mga oras ng IHSS na papayagan, ang probnsya ay idadagdag an magkasama ang oras na itinatagal sa paggawa ng bawat gawain kung saan ang tulong ay kinakailangan. Tandaan na ang programang IHSS ay sinasaklaw ang pag-alalay na kinakailangan sa form ng mga maagap na paalala. Sa isang pagkakataon, ang isang aplikante ay mayroong saykayatrikong kapansanan at ang pangalawang mga epekto ng paggagamot ay maaring kailanganin ang isa na pumunta sa bahay sa umaga upang gisingin ang aplikante at agapan ang tao sa pagkakasunud-sunod ng mga gawain kaugnay sa paliligo, paglilinis, at pagbibihis. Maaring saklawin ng IHSS ang pag-alalay.

### **6. Mapagtanggol na Pangangasiwa**

Karagdagan sa pagsaklaw sa mga tiyak na mga gawain, ang programang IHSS ay sinasaklaw din ang “mapagtanggol na pangangasiwa” para sa mga taong kailangan ang 24-oras na pangangasiwa upang bantayan ang pag-uugali kaugnay sa isang kahinaang mental kabilang ang mental na pagkakasakit at upang mamagitan upang maiwasan ang pinsala sa tagatanggap ng IHSS. Habang ang ibang mga serbisyo ay aprobado sa isang basehan ng gawain, mapagtanggol na pangangasiwa ay aprobado para sa isang nilaang oras upang takpan ang oras sa pagitan ng mga tiyak na gawain.

Sa halos lahat ng mga kaso ang pinakamataas na pinagsamang oras na maaring pahintulutan para sa mga tiyak na gawain at mapagtanggol na pangagasiwa ay 195 oras kada buwan. Sa ibang mga kaso kung saan ang oras sa paghahanda ng pagkain, personal na pag-aalaga at mga serbisyong paramedical ay pantay sa 20 o higit pang oras kada lingo, ang pinakamataas na oras ay maaring maging 283 oras kada buwan. Ang mga probinsya ay hindi gustong pahintulutan ang mapagtanggol na pangangasiwa sa gayon kapag ang serbisyo ay kinakailangan, sobrang oras ay mailalaan sa pagsasadokumento kung bakit ang mapagtanggol na pangangasiwa ay kinakailangan – i.e., paanong ang tao ay napinsala ang kanyang sarili sa kawalan ng isang magbabantay ng mga pag-uugali, paanong ang tao ay mapipinsala ang kanyang sarili sa kawalan ng taong mamamagitan.



## **7. Pinansyal na Pagiging Karapat-dapat para sa IHSS**

Natutugunan mo ang mga kinakailangan sa pinansyal na pagiging karapat-dapat para sa IHSS kung ikaw ay nasa Medi-Cal.

## **8. Mga Pag-aapela sa IHSS**

Ang aplikante o tatanggap ay may karapatang mag-apela gaya ng mga nasa ilalim ng Medi-Cal. Tingnan ang pahina 19, “Mga Apela sa Medi-Cal.” Kung mayroong abisong binabawasan o winawakasan ang mga benepisyo, mayroong mga timeline para sa pag-aapela upang magpatuloy ang benepisyo hanggang sa pagpapasya ng patas na pagdinig. Ikaw ay dapat na mag-apela ng iyong abiso ng IHSS sa pagkilos bago ang petsa na ang pagbabago ay magiging epektibo upang makuha ang Aid Paid Pending. [MPP Section 22-072.5] Ang Aid Paid Pending ay nangangahulugan na ang iyong mga serbisyo ay magpapatuloy hanggang may isang pagdinig.

## **E. Pangkalahatang Pag-alalay at mga Selyang Pampagkain**

Ang ibang mga kliyente na may kapansanan ay hindi nakakakuha ng mga benepisyo ng Social Security, kahit mayroon silang maliit o walang kita, dahil (a) sila ay naghihintay ng hanggang sa isang taon o higit pa para sa aplikasyon ay mapahintulutan, o (b) hindi itinuturing ng SSA na sila ay may kapansanan. Ang mga kliyenteng ito ay dapat na mag-apply para sa Pangkalahatang Pag-alalay (kilala rin bilang pangkalahatang kaluwagan) at mga Selyo ng Pagkain, yamang hindi ito humihingi ng paghahanap ng kapansanan. (Sa 2008, ang pederal na gobyerno ay pinalitan ang pangalan ng programa ng selyo ng pampagkain sa State Nutritional Assistance Program o SNAP. Kasalukuyang tumutukoy sa kanilang programa ang California bilang “Cal-Fresh”.) Ang mga kliyente ay maaaring mag-apply sa kanilang opisina ng kapakanan pamprobinsya. Ang pag-aapply sa Selyong Pampagkain ay matatagpuan on line sa webpage ng California: [www.dss.cahwnet.gov/foodstamps](http://www.dss.cahwnet.gov/foodstamps); ang mga aplikasyon ay karaniwang pinoproseso sa loob ng 45 araw.

## **F. CalWORKs**

Ang mga may sapat na gulang at mga bata na hindi nakakakuha ng mga benepisyo ng Social Security ay maaaring maging kwalipikado para sa mga benepisyo ng CalWORKs kung mayroong isang bata sa pamilya na siyang “pinagkaitan ng suporta ng magulang” dahil ang isang magulang ay

wala, may kapansanan o walang trabaho. Muli, ang mga antas ng benespiyo ay higit na mababa kaysa SSI, na may pinakamataas na grant lamang ng \$936 para sa isang pamilya ng apat. Ang mga magulang ay sasailalim sa mahigpit na kinakailangan sa trabaho, bagaman mayroong mga iksemsyon para sa mga taong may kapansanan at mga tagapag-alaga ng mga batang may kapansan. Ang isang magulang ay makakayang pawiin ang mga kinakailangan sa trabaho sa pamamagitan ng pagiging tagapagtustos ng IHSS para sa kanyang anak na may kapansanan. Ang mga pamilya ay maaring pagsamahin ang mga benepisyo ng SSI at CalWORKs. Halimbawa, ang magulang na nakakatanggap ng SSI para sa kanyang sarili ay makakakuha ng mga benepisyo ng CalWORKs para sa suporta ng kanyang anak; ang kanyang kita sa SSI ay hindi bibilangin sa pagkakalkula ng grant ng CalWORKs. Tulad din, ang walang asawang magulang ng isang bata sa SSI ay makakakuha ng mga benepisyo ng CalWORKs para sa kanyang sarili bilang isang nangangailangang tagapag-alaga nang walang pagtingin sa kita sa SSI.

[Gusto naming makabalita sa iyo! Mangyaring pakikumpleto ang sumusunod na survey tungkol sa aming mga publikasyon at ipaalam sa amin kamusta ang aming ginagawa!](#)

<https://docs.google.com/forms/d/1d6ezTI2M5UMAWU66exLbc1SQ9wDPzvtuS3AGR4-cgwE/viewform?c=0&w=1>

Para sa legal na pag-alalay tumawag sa 800-776-5746 o kumpletuhin ang [form para sa paghingi ng pag-alalay](#). Para sa iba pang mga layunin tumawag sa 916-504-5800 (Hilagang CA); 213-213-8000 (Timog CA).

*Ang Disability Rights California ay pinondohan ng maraming mga pinagkukunan, para sa kumpletong listahan ng mga tagapondo, pumunta sa <http://www.disabilityrightsca.org/Documents/ListofGrantsAndContracts.html>.*